



ACCÉSSS

Alliance des Communautés Culturelles pour
l'Égalité dans la Santé et les Services Sociaux

Sinabi sa akin na isa sa walong babaeng Canadian ay magkakaroon ng kanser sa suso sa kanilang buha, at iniisip ko kung totoo ba iyon? Matapos ang ilang pananaliksik, nalaman ko na hindi lamang ito totoo, hindi din ito nakikita agad sa pamamagitan ng pagpindot o sa mga nakikitang palatandaan. Gayunpaman, mas maagang nalalaman ang kanser, mas mababa ang pagkakataong mamatay dahil dito.

Sa kabutihang palad, narito ang Quebec Breast Cancer Screening Program (PQDCS) na may layuning pigilan ito, kung kaya naiwasan ang maraming pagkamatay hangga't maaari.

Paano ito gumagana? Sa pagpapadala ng liham sa lahat ng kababaihang may edad 50 hanggang 69 na insured ng Régie de l'assurance maladie du Québec (RAMQ), na nag-aanyaya sa kanilang sumailalim sa mammogram, na isang breast X-ray, na ginagawa bawat dalawang taon, nang walang babayaran. Ang mga babaeng walang health insurance card ay maaaring makipag-ugnayan sa isang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan upang makakuha ng reseta kung saan maaari silang sumailalim sa pagsusuring ito, na magkakaroon ng bayarin sa kanilang kaso.

Upang sumailalim ako sa mammogram, ang kailangan ko lamang gawin ay magpa-iskedyul ng appointment sa nakalaang screening center, dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa appointment, punan ang consent form sa site, at sumailalim sa eksaminasyon. Ang lahat ng detalye ay ipinaliwanag sa liham, kaya mahalagang basahing mabuti ito. I also suggest that you ask for an ultrasound, because some cancers are not detected by mammography alone. This option is chargeable, but inexpensive.

Sinabi ng doktor ko sa akin na ang programang ito ay maraming benepisyo kasama ang pinababang panganib na mamatay ng dahil sa kanser sa suso o ang pangangailangang sumailalim sa chemotherapy, alamin ang pangkalahatang kalusugan ng aking suso, at iba pa. Upang linawin ang ilang kilalang paniniwala, nagbahagi rin siya ng ilang katotohanan sa akin na gusto ko namang ibahagi sa iyo:

- Ang mammogram ay hindi nagiging sanhi ng kanser at hindi masakit
- Mahalagang regular na sumailalim sa mammogram
- Ang kanser sa suso ay maaaring mangyari kahit na sa isang pinakamalusog na tao na walang kasaysayan ang pamilya

Tulad ng sinasabi nila, ang pag-iwas ang pinakamahasay na gamot, kayat huwag mag-atubiling sumailalim sa mammogram!

Para sa iba pang impormasyon, kumonsulta sa www.accesss.net website (mga rekord — kanser at mga imigranteng babae — PQDCS)